Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
**MIMAROPA Region**
7/F DENR Building, 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Telefax No. (+632) 8536-0215 / (+632) 5310-1369
Email: region4b@mgb.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED

06 Pebrero 2023

**Sa may kinauukulan:**

**8888 Ticket Reference No. P20230206-849-2**

Ito ay patungkol sa inyong idinulog na reklamo sa 8888 Citizens' Complaint Hotline noong 06 Pebrero 2023 na ipinaabot sa aming tanggapan para sa aming nararapat na aksyon. Ang naturang reklamo ay hingil sa inyong panawagan laban sa operasyon ng Altai Philippines Mining Corp. (Altai) na nagiging sanhi ng kaguluhan sa mga pulis at mga mamamayan ng Isla ng Sibuyan, Romblon.

Nais po naming ipaalam na napagpasyahan ng Altai na boluntaryong ihinto ang lahat ng aktibidades nito patungkol sa *"exploration"* at *"testing"* sa Isla ng Sibuyan. Ibinahagi rin ng Altai na patuloy itong makikipagtulungan at makikipag-ugnayan sa mga kinauukulang awtoridad upang matugunan ang mga kasalukuyang isyu.

Makakaasa po kayong ang aming tanggapan, sa pakikipagugnayan sa iba pang ahensya ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman at lokal na pamahalaan ng Romblon, ay patuloy na mahigpit na susubaybayan ang lahat ng mga aktibidades ng Altai. Kasama na rito ang iba pang isyu sa pagmimina sa Isla ng Sibuyan alinsunod sa mga kaugnay na batas at mahigpit na probisyon sa pangangalaga ng kapaligiran at paggamit ng mga yamang mineral ng bansa.

Lubos na gumagalang,

By Authority of the Regional Director:

**ELLENGRACE R. GALISTE**
Chief, Mine Management Division
OIC, Office of the Regional Director

020723-R04B-0375 Letter 2/7/2023
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU MIMAROPA Region

cf: **8888 Citizens' Complaint Hotline**
Office of the President
**Ticket Reference No. P20230206-849-2**

**DENR Action Center/Hotline**
Department of Environment and Natural Resources Office
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City

**The Regional Executive Director**
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region

**The PENRO**
Provincial Environment and Natural Resources Office
Romblon